3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Arts

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paggawa ng Patpat na Papet




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Paggawa ng patpat na Papet**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Dante B. Dolohan | |
| **Editor:** | Marivic O. Arro, Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan | |
| **Tagasuri:** | Marivic O. Arro, Jennie T. Calamba, Bryan Ephraem E. Miguel | |
| **Tagaguhit:** | Virgilio A. Pobadora | |
| **Tagalapat:** | Mariel D. Lumontad, Virgilio A. Pobadora, Djhoane C. Aguilar | |
| **Tagapamahala:** | Evelyn R. Fetalvero | Reynante A. Solitario |
| | Janette G. Veloso | Janwario E. Yamota |
| | Analiza C. Almazan | Djhoane C. Aguilar |
| | Ma. Cielo D. Estrada | Maria Perpetua Angelita G. Suelto |
| | Jeselyn B. dela Cuesta | Reynaldo C. Deocampo |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Arts

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Paggawa ng Patpat na Papet

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Paggawa ng Patpat na Papet**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Arts sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Paggawa ng Patpat na Papet**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Karamihan sa mga kabataan ngayon ay mahilig sa mga bagay na nakatutuwa at nakaaaliw tingnan, lalong lalo na sa mga bagay na may kinalaman sa papet. Kasama na rito ang tinatawag na patpat na papet.

Layunin ng modyul ng ito na maipakita ang paggawa ng isang nakaaaliw, at isang simpleng patpat na papet tungkol sa karakter na alamat at kuwento gamit ang mga patapong bagay **(A3PR-IVe)**.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakakikilala ng ibat'ibang patpat na papet ayon sa mga kagamitan, hugis, kulay at tekstura;
- nakagagawa ng simpleng patpat na papet ayon sa karakter ng isang alamat, kathang-isip o kuwento;
- natatanto ang kahalagahan sa paggawa ng patpat na Papet bilang bahagi ng ating masayang karanasan.

## Subukin

Basahin at intindihing mabuti ang bawat tanong. Isulat sa malinis na buong papel ang titik ng tamang sagot. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.

1. Ang puppeteer ay nakagagawa ng isang maliit na teyatro.
   a. oo  b. mali  c. hindi  d. siguro

2. Ang sumusunod na patapong bagay ay maaaring gamitin sa paggawa ng patpat na papet maliban sa isa.
   a. yarn  b. patpat  c. gulong  d. Popsicle sticks

3. Ang patpat na papet ay yari sa simpleng paraan gamit ang cardboard, patpat at iba pa.
   a. tama  b. mali  c. wala  d. hindi sigurado

4. Ano ang mabuting maidudulot sa atin sa paggawa ng patpat na papet?
   a. saya  b. galit  c. lungkot  d. suliranin

5. Kung ang isang tao ay mahilig gumawa ng patpat na papet anong katangian ang kanyang taglay?
   a. mainipin  b. napilitan  c. malikhain  d. kawanggawa


| Aralin 1 | Paggawa ng Patpat na Papet |
|---|---|

## Balikan


Sa nakaraang leksiyon tinatalakay natin ang tungkol sa paglikha ng mga disenyong medyas na papet na may kakaibang karakter.

Alin sa mga larawan sa ibaba tungkol sa medyas na papet ang nagpapakita ng kakaibang disenyo?

**Commented [PM1]:** Illustrations should be in pure black and white (illustration B)



A.



B.

Sagutin ang bawat tanong. Isulat sa malinis na papel ang titik ng tamang sagot.

1. Sa paggawa ng medyas na papet, ano ang dapat gawin upang makalilikha ng medyas na papet na may kakaibang karakter?

   a. lagyan ng mata
   b. ayusin sa paglikha
   c. ayusin sa pagguhit
   d. lagyan ng mga palamuti at disenyo

2. Sa anong hayop nahahalintulad ang larawan na nasa unang kahon?

a. aso

b. pusa

c. kabayo

d. kalabaw

3. Ano ang magandang naidudulot ng pagpapapet sa buhay natin?

a. nagbibigay saya

b. nagbibigay ng problema

c. nagbibigay ng sakit ng ulo

d. walang magandang naidudulot ang pagpapapet sa buhay ng tao.

4. Ang mga sumusunod ay mga patapong bagay na maaaring gamitin sa paglikha ng medyas na papet maliban sa isa. Ano ito?

a. *yarn*

*c.* karayom

b. tubig

d. malinis na medyas

5. Anong katangian na taglay ng isang tao na mahilig lumikha ng mga bagay-bagay lalong lalo na pagdating sa mundo ng pagpapapet?

Commented [PM2]: Observe proper line spacing

a. pagiging pasaway

b. pagiging malikhain

c. pagiging mapagmataas

d. pagiging mapagkumbaba


*Paalala*


Sa paggawa ng patpat na papet dapat ay mag-ingat sa paggamit ng mga kagamitan tulad ng, patpat o *stick*, gunting*, glue*. Kailangan humingi kayo ng gabay o tulong sa inyong mga magulang o sa mga nakakatanda upang maging ligtas at makaiwas sa anumang sakuna.

## *Tuklasin*

Tingnan ang mga larawan sa ibaba tungkol sa patpat na papet ayon sa karakter ng  alamat o mitolohiya.

**Commented [PM3]:** Do not overstretch the illustration,







1. Natutuwa ba kayo sa mga nakikita ninyong mga larawan tungkol sa patpat na papet?
2. Alam mo ba kung paano ang paggawa ng patpat ng papet ayon sa karakter ng alamat o mitolohiya?
3. Ano-ano kaya ang mga kagamitan o mga patapong bagay na maaaring gamitin sa paggawa ng patpat na papet?

## *Suriin*

Alam mo ba kung ano sa tagalog ang **stick**? Ito ay tinatawag na patpat, na kung saan ang patpat o **stick** ay maaaring gamitin sa paggawa ng patpat na papet. Makakagawa ka ng papet na yari sa patpat ayon sa karakter ng isang alamat o mitolohiya, kathang isip o kuwento.

Maraming kagamitan o mga patapong bagay na maaaring gamitin sa paggawa ng patpat na papet tulad ng **popsicle stick** o patpat, ginupit na larawan ng isang alamat na karakter na yari sa **cardboard, yarn,** gunting, pandikit at iba pang palamuti.

Mitolohiya


Ang mitolohiya ay isang halos magkakabit-kabit na kumpol ng mga tradisyonal na kuwento o mito (Ingles: *myth*), mga tradisyonal na kuwento na binubuong isang partikular na relihiyon o paniniwala. May kaugnayan ang mitolohiya sa alamat at kwentong bayan.

Alamat

Ang salitang alamat o *legend* sa Ingles ay mula sa salitang Latin na *legendus* na nangangahulugang "upang mabasa". Ito ay kuwentong nagpasalin-salin sa bibig ng mga taong bayan na naglalaman ng pinagmulan. Ang pangyayari sa isang alamat ay maaaring maging totoo o likha lamang ng mayamang guniguni ng manunulat.

Ang sumusunod na larawan ay ilang halimbawa ng alamat o mito na nilagyan ng patpat o popsicle stick upang maging patpat na papet.

Commented [PM4]: justify



Lapu-Lapu

Isang kilala sa pangalan na kolipolako at itinuturing na isa sa pinakadakilang pigura ng sinaunang kasaysayan ng pilipinas, siya ay si Lapu-Lapu. Itinuturing si Lapu-Lapu na bayani ng Mactan at manlulupig ni Magellan, na kung saan inilarawan bilang istrikto, matalino at hindi nagpapatinag. Si Lapu-Lapu ay isa sa mga katutubong lider na tumangging kilalanin ang kapangyarihan ng Espanya sa mga isla. Si lapu-Lapu ay nakipagdigma laban sa makapangyarihang ninuno ng Cebu, na nuon ay mas higit na malaking kaharian, kaysa sa kaniyang maliit na isla ng Mactan. Noong Abril 27,1521, naganap ang labanan sa pagitan ni Lapu-Lapu at ng dayuhang mananakop na si Ferdinand Magellan. Sa pinaniwalaang eksaktong lugar kung saan napatay si Magellan nakatayo ang isang kahanga-hangang monument sa karangalan ni Lapu-Lapu.

*Pinagkunan: https://bayaningfilipino.blogspot.com/2017/07/talambuhay-ni Lapu-Lapu.html*



Maria Makiling

Sa isang malayong lugar ng bundok Makiling na matatagpuan sa Los Banos Laguna, may isang Diwata na ang pangalan ay si Maria Makiling. Nilalarawan siya bilang isang magandang dalaga na may mahabang buhok at kulay kayumangging kaligatan ang balat. Inilarawan si Maria Makiling bilang napakagandang dalaga na hindi tumatanda. Isinilang siya sa napakagandang silahis ng buwan sa Filipinas at kinalinga ng misteryo ng kagubatan at lawa. Si Maria Makiling ay kaisa-isang anak nina Dayang Makiling at Gat Panahon na parang bathala o engkantado. Kapares ng ibang babae siya ay nakasuot ng sultang kung minsay may burdang bulaklak-suha. Sa kaniyang dibdib ay nakayakap ang mabangong kuwintas ng ilang-ilang at hindi maiiwasan na ang mga maginoo, sa kanya ay nagyuyuko ng ulo.

*Pinagkunan: https://tl.wikipedia.org/wiki/Maria_Makiling*



Lam-ang

Sa isang bayan ng Nalbuan na sakop ng La Union nakatira ang mag-asawang sina Don Juan at Namungan. Binigyan sila ng biyaya na mula sa panginoon sa pamamagitan ng isang anak na lalaki ito ay si Lam-ang. Nang isilang si Lam-ang apat na hilot ang nagtulong-tulong at pagkasilang nagsalita agad ang sanggol. Siya ang humiling na "Lam-ang" ang ipangalan sa kaniya at siya rin ang pumili ng magiging ninong niya sa binyag. At sa hindi inaasahang pangyayari namatay ang ama ni Lam-ang pinugutan ito ng ulo at isinabit sa gitna ng nayon ng mga Igorot bilang gantimpala at parangal sa kanilang pangkat. Pagkalipas ng mahabang panahon gustong ipaghiganti ni Lam-ang pagkamatay ng kaniyang ama. Pumunta siya sa kabundukan na may dalang iba't ibang sandata at anting-anting. Galit na galit si Lam-ang sa nabatid na sinapit ng ama kaya mabilis na nilakbay ang tirahan ng mga Igorote pinagpuksa niya ang mga ito sa pamamagitan ng dalang sandata at anting-anting. Umuwi si Lam-ang ng nasisiyahan dahil sa naipaghiganti niya ang pagkamatay ng kaniyang ama.

*Pinagkunan: https://tl.wikipedia.org/wiki/Biag_ni_Lam-ang*

Sa paggawa ng patpat na papet, ano ano ang dapat mong ihanda? Hanapin sa loob ng kahon ang angkop na kagamitan. Isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| gunting | karayom | yarn | popsicle stick o patpat | |
| cardboard | palamuti | tubig | sinulid | pandikit |
| Ginupit na larawan ng isang alamat. | | | | |

## Pagyamanin

Handa ka na bang gumawa ng isang patpat na papet?

a. Ihanda ang mga patapong bagay na iyong gagamitin sa paggawa ng isang patpat na papet.

b. Gumawa ng isang simpleng disenyo ayon sa gusto mong karakter.

c. Sa 1oob ng 10 minuto, ikaw ay inaasahang makagagawa ng isang simpleng patpat na papet ngunit kakaiba.

Bigyan ng puntos ang iyong awtput tungkol sa paggawa ng patpat na papet. Sundin ang rubrik sa ibaba.

| Mga Batayan | 3<br>Lubos na kasiya-siya | 2<br>Kasiya-siya | 1<br>Kailangan pang pagbutihan |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkagawa ng patpat na papet. | | | |
| 2. Nakikilala ng husto ang mga patapong bagay na ginagamit sa paggawa ng patpat na papet. | | | |
| 3. Kasiyasiyang tingnan ang nagawang patpat na papet. | | | |

## Isaisip

Ang paggawa ng papet ay isang kasiya-siyang bagay na dapat mong isapuso at bigyang halaga. Sa iyong pagbibigay ng buhay, oras at interes mas lalo mong makikilala, matatanto ang iyong galing at husay sa paggawa, lalo na pagdating sa paggawa ng patpat na papet. Maraming patapong bagay sa ating mga bahay, paaralan, opisina at maging sa ating kapaligiran na maaari nating gamitin sa paglikha o paggawa ng mga bagay-bagay katulad na lamang sa paggawa ng patpat na papet. Ang sining ay mahalaga sa mga bata upang matuto at mapaunlad ang kanilang identidad o galing, husay at talento. Ang sining ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa mga bata na matuto habang tumutuklas, lumilikha, gumagawa o kumakanta. Nagagawa ng sining na maging kaenga-enganyo ang kapaligiran upang ang mga bata ay magtanong, lumutas ng problema at sumabak sa kritikal na pag-iisip. Napalalawak ng sining ang pag-iisip ng mga bata at pinalalakas ang pagnanasang matuto.

## Isagawa

Tanggapin ang hamon;

1. Gumawa ng isang simpleng patpat papet tungkol sa isang alamat o kuwento.
2. Isiping mabuti ang karakter na gusto mong gawing papet.
3. Sa loob ng 10 minuto ikaw ay inaasahang makapagtapos sa paggawa o pagguhit ng simpleng patpat na papet.

4. Bigyan ng puntos ang nabuong patpat na papet. Sundin ang rubrik sa ibaba.

| Mga Batayan | 3 Puntos Lubos na Malinaw | 2 Puntos Malinaw | 1 Puntos Kailangan pang Pagbutihan |
|---|---|---|---|
| 1. Maayos ang pagkakaguhit. | | | |
| 2. Nakakaaliw ang nagawang patpat na papet. | | | |
| 3. Natapos ito sa takdang oras. | | | |

## *Tayahin*

Basahing mabuti ang bawat tanong. Isulat sa malinis na papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ang sumusunod ay halimbawa ng alamat na karakter maliban sa isa. Ano ito?
   a. Lapu-Lapu
   b. Maria Makiling
   c. Juan de la Cruz
   d. Biag ni Lam-ang

2. Alin sa sumusunod na kagamitan ang ginagamit sa paggawa ng patpat na papet?

a. awit
b. teyatro
c. *popsicle stick*
d. simpleng papet

3. Alin sa sumusunod na katangian ng tao ang dapat taglayin lalo na sa paggawa ng patpat na papet?

a. laro
b. tamad
c. pagkamasipag
d. pagkamalikhain

4. Ano ang magandang maidudulot sa paggamit ng mga patapong bagay na makikita sa ating kapaligiran?

a. nagbibigay usok
b. nagbibigay polusyon
c. nakatutulong sa pagdami ng basura
d. nakatutulong sa pagbawas ng basura sa ating kapaligiran.

5. Ano sa palagay mo ang kahalagahan na makukuha natin sa paggawa ng patpat ng papet?

a. galit
b. ngiti
c. lungkot
d. suliranin

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang simpleng patpat na papet ayon sa karakter ng isang alamat o legend. Gawin ito sa iyong scrapbook na malinis.

| Mga Batayan | 3<br>Lubos na Malinaw | 2<br>Malinaw | 1<br>Kailangan pang Pagbutihan |
|---|---|---|---|
| Naipamamalas ang galing sa paggawa ng patpat na papet. | | | |
| Nakakagawa ng kakaibang karakter na patpat na papet tungkol sa alamat o mitolohiya. | | | |
| Nakakatuwa ang nagawang patpat na papet. | | | |

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1. C
2. C
3. D
4. D
5. B

**Subukin**

1. A
2. C
3. A
4. A
5. C

**Balikan**

1. D
2. B
3. A
4. B
5. B

# *Sanggunian*

Cynthia T. Montanez, et al., Music, Art, Physical Education and Health 3 Kagamitan ng Mag-aaral, Rex Book Store, Pasig City, (2014), p. 216 – 218

Music, Art, Physical Education and Health 3 Teacher's Guide, Department of Education, Rex Book Store, Pasig City, (2014), p.104-106

Curriculum Guide Music, Art, Physical Education and Health 3

https://tl.wikipedia.org/wiki/Biag_ni_Lam-ang

https://tl.wikipedia.org/wiki/Maria_Makiling

https://bayaning filipino.blogspot.com/2017/07/talambuhay-ni Lapu-Lapu.html

**Commented [JC5]:** Sundin ang wastong pagsulat ng sanggunian

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph